# EDCA sites, magpapagulo sa relasyong Pilipinas-China P2

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 25 10.00 MARCH 20 - 26, 2023

## Revilla: P150 wage increase posible



Senator Bong REVILLA

BUO ang kumpiyansa ni Senator Ramon 'Bong; Revilla Jr. na posibleng maisabatas ang panukalang mabigyan ng P150 dagdag sa sahod ng mga trabahador at kawani sa pribadong sektor.

Mula sa talino, kamay at lakas at sakripisyo ng manggaawang Filipino kaya patuloy na nabubuhay ang maraming kompanya, industriya at negosyo sa bansa, kaya tama lamang, sabi ni Revilla, na mabigyan sila ng dagdag na kita sa araw-araw.

*Sundan sa p.2*

# 5 Dasmariñas villages declared drug-free

FiVE barangays in the City of Dasmarinas are now clear of illegal drugs.

The good news was announced by Mayor Jenny A. Barzaga in a recognition ceremony during the flag raising ceremony at the City Hall grounds on Monday, March 20, where certificates were awarded to Barangay Sampaloc 1, San Agustin III, San Andres II, San Roque, and Sta. Cristina I.

Polce Lt. Colonel Juan Oruga, Dasmarinas City police chief cited the full cooperation of the concerned barangay officials for getting rid of users and dealers of illegal substances in their respective villages.

On her social media page, Mayor Barzaga claimed that the said barangays were finally declared drug-free with the cooperation of the Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), Department of the Interior and Local Government (DILG), Philippine National Police (PNP, ang the Department of Health (DOH).



Mayor Jenny BARZAGA

"Dahil dito, tayo ay nanguna sa pinakamaraming Drug Cleared Barangay sa buong lalawigan ng Cavite," Mayor Barzaga.

She added that upon the recommendation and assessment of the Regional Oversight Committee on Barangay Drug Clearing Program (BDCP) these five barangays have been declared drug-free.

"Sa kagaganap lamang na final deliberation na isinagawa ng PDEA Regional Office, City of Dasmarinas ang magiging foundation ng Barangay Drug Clearing Program sa buong Region 4-A," Mayor Barzaga shared on her social page.

*story and photos on page 8*

## Pista opisyal sa Abril 6-7, at 10

UPANG mabigyang pagkakataon ang mga Katolikong magnilay-nilay sa paggunita ng kinagawiang Mahal na Araw, idineklara ng Malakanyang na pista opisyal sa Abril 6-7 sa buong bansa.

Deklarado ring regular na walang pasok sa trabaho sa Abrill 10, Lunes, na pagdiriwang ng Araw ng Kagitingan.

Sa Official Gazette ng Malakanyang, mababasa ito:

"Pursuant to Proclamation No. 90, s. 2022, Malacañang declares April 6,7, and 10 of the year 2023 a regular holiday in observance of the Holy Week (April 6-9) and the Day of Valor (April 10).

## *P9 trilyong badyet, ok na*
## Mga proyekto ni Duterte itutuloy ni Pres. Marcos

**ni ADELA R. ZAMORA –** Tiniyak ni Pres. Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. itutuloy at kukumpletuhin niya ang mga proyektong sinimulan ni dating Pres. Rodrigo Roa Duterte.

Ibinalita rin ng PBBM sa kanyang lingguhang vlog na kasama ang mga proyekto ni Duterte sa P9 trilyon na pondo sa 194 high-impact infrastructure project ng kanyang administrasyon.

Sa 194 na proyekto, 123 rito ay uumpisahan sa kanyang administrasyon, at 71 na inumpisahan sa panahon ni Duterte, sabi ni Marcod.

Nakapokus ang administrasyong Marcos sa power and energy, digital connectivity, flood management, transportasyon at iba pa.

Bahagi ito, sabi ng Pangulo, sa kanyang Build, Better, More program sa layuning ma

Naniniwala siya, sabi ni Marcos na mabubuti ang mga proyekto ni Duterte at tama lamang na ituloy-tuloy niya, hanggang matapos ang mga ito.

"If the project is good, why not continue it? This is not the thinking that will bring us to the new Philippines. If the project has been carefully studied and it is really beneficial, it should be continued," paliwanag ni Marcos.

Tinukoy rin niya ang mga hakbang ng pamahalaan upang masolusyonan ang problema sa kakapusan ng pagkain at paglikha ng trabaho at pagpapalaki ng kinikita ng gobyerno.

Mahalaga, ani Marcos, na maitayo ang maraming moderno at matitibay na impraestruktura upang maakit ang maraming investor na magtayo ng kanilang kompanya at negosyo sa bansa.



President MARCOS Jr. Former Pres. DUTERTE

## Maraming salamat po, Rep. Mitch Cajayon-Uy

LETTER TO THE EDITORS

See page 3 with the full article



## Tulong ng LGU, mahalaga sa kampanya laban sa kriminalidad: Lt. Col. Soriano

NAPAKAHALAGA ng suporta ng lokal na pamahalaan sa kampanya kontra kriminalidad, at sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan sa komunidad.

"Ang tagumpay laban sa kriminalidad, ang maintenance ng peace and order, hindi lamang ito tungkulin ng police, kasama rito ang ating local government, ang buong community" sabi ni i Lt. Colonel Resty Soriano sa munting panayam ng pahayagang ito kamakailan.

Bago siya na-assign sa Naic, naging hepe ng pulisya ng Kawit at ng Silang si Soriano.

*Sundan sa p.2*



Lt Col Resty Soriano

## Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort P4

BANTAY BALITA
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KATUWANG NG BAYAN
MARCH 20 - MARCH 26, 2023

# EDCA sites, magpapagulo sa relasyong Pilipinas-China



KINONTRA ng Chinese Embassy ang pahayag ng US na lilikha ng maraming oportunidad sa trabaho sa Pilipinas ang pagdedeploy ng maraming kawal Amerikano at armas de giyera sa dagdag na kampo militar sa bansa, sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Ayon kay US Undersecretary of State for Political Affairs Victoria Nuland, bukod sa lalakas ang depensa ng Pilipinas, lilikha ito ng mga oportunidad sa ekonomiya sa bansa.

Pinasaringan pa ni Nuland ang Beijing na walang tinupad na mga pangakong tulong sa Pilipinas -- na hindi nagustuhan ng China.

Sinabi ng Chinese Embassy na hindi lalago ang ekonomya at kalakalan kung magulo at sitwasyon sa relasyon ng China at Pilipinas, na tinukoy ang pagdaragdag ng sundalong US sa mga kampo militar ng bansa.

Ang dagdag na apat na kampo militar na tatambakan ng lakas militar ng US ay nagpapagulo at nagbibigay ng tensiyon sa magandang relasyon ng China at ng Pilipinas, at ang pahayag ni Nuland ay sumisira sa magandang relasyon ng China sa Pilipinas.

Iginiit naman ng US embassy na pinaninindigan nito ang pagkakaibigan sa Pilipinas at bilang kaalyansa, handa ang US na ipagtanggol ang bansa sa anomang banta sa sekuridad, ayon sa pinirmahang Mutual Defense Treaty (MDT).

"Now and always, the US commitment to the defense of the Philippines is ironclad, and we are committed to strengthening our economic and investment relationship," sabi ng US Embassy.

# Revilla: P150 wage increase posible

*mula sa pahina 1*

Sinabi ito ng senador bilang suporta sa Senate Bill 2002 (The Across-the-Board Wage Increase Act of 2023) na iniharap ni Senate President Migz Zubiri.

Ayon pa kay Revilla, maraming kongresista sa House of Representatives ang nagpapanukala rin ng dagdagan ang arawang kita ng mga kawani, trabahador at mga arawang o pakyawang manggagawa sa pribadong sektor.

Nabatid ng BantayBalita sa nakaraang tatlong Kongreso, tatlong panukalang batas ang isinampa ni Revilla para sa dagdag-sahod ng karaniwang obrero.

"I am optimistic." sabi ni Revilla na ang isinusulong na mungkahing batas ni Zubiri ay gugulong sa Senado at ito ay matutugunan ng katulad na panukala sa House.

"It is important that we have a living wage. We have been longing for the passage of this measure. Ngayon ay kumpiyansa ako, maisasabatas na ito," ani Revilla.

Aniya pa, kailangang-kailangan na ang umento sa sahod ng manggagawa.

"With the rising cost of commodities, at sa lumalaking gastos ng bawat pamilyang Pilipino, ngayon na ang panahon na dapat na mabigyan ng P150 wage increase," sabi ni Revilla./ **ELI TAPARAN II**

# Tulfo seeks probe on SSS delay in processing of claims

**MANILA** — Senator Raffy Tulfo has filed a measure seeking to probe the reported delays of the Social Security System (SSS) in processing members' benefits, particularly retirement and death claims.

In Senate Resolution (SR) 544 filed on Tuesday, Tulfo said the delays in processing of claims have caused financial difficulties for retirees and dependents, especially those who are relying on their benefits to survive the day-to-day.

"It is the responsibility of the Senate to ensure that government agencies such as the SSS are efficient in providing services to the public, especially to its members who have contributed to the system," the resolution read.

The inquiry, according to Tulfo, should include the reasons for delays in processing claims and the measures being taken by the SSS to address these issues.

He added that it should also cover the possible reforms that can be implemented to improve the efficiency of claiming benefits, such as the use of digital technology and automation of processes.

Under his proposal, the inquiry should also include the need for additional funding and manpower to support the SSS in processing benefit claims efficiently and the possible establishment of a monitoring system that will track the progress of claims.

The findings and recommendations as a result of the said inquiry shall be used as a basis for proposing legislative measures to improve the SSS and to ensure that its members receive their benefits in a timely and efficient manner.

The SSS was created to provide social protection to Filipinos and help them prepare for the future through contributions and benefits. (With a report from Leonel Abasola/PNA)



**Sen. Raffy TULFO**

# Enrile to Putin: Stay in Russia to avoid ICC arrest

CHIEF Presidential Legal Counsel Juan Ponce Enrile has advised Russian President Vladimir Putin to remain in Russia or Siberia to avoid arrest by the International Criminal Court (ICC).



**Pres. Vladimir Putin** **Juan Ponce Enrile**

Enrile made the statement in his weekly television program after the ICC issued an arrest warrant against Putin for illegal deportations of Ukrainian children.

"Totoong hindi member ang Russia sa ICC pero the moment he steps into another country that is a member of ICC, eh pwede siyang dakpin, arestuhin," the former Senate President said.

"So, he has to confine himself in Russia, maybe in Siberia. Hindi na makalabas sa kanyang bansa yan," the 99-year-old official added.

The ICC warrant now obligates its 123 member states to arrest the Russian leader and extradite him to The Hague for trial if he enters their territory./ **PRINCE GOLEZ**

# Tulong ng LGU... *mula sa p.1*

Bunga ng kooperasyon ng LGU, ng mga tao, noong hepe siya ng Silang, naideklara na 'drug-free' ang 10 barangay ng Silang,

Kaya nang maupo siya bilang hepe ng pulisya ng Naic, isa sa tinutukan ni Soriano ang pagbuo ng Drug Enforcement Team na maraming nadakip na suspek na sangkot sa ilegal na droga.

Sa isang operasayon kontra droga, nadakip ang isang miyembro ng "Villar Group" at marami pang sangkot sa kriminalidad tulad ng ATM card scam, at isang kilabot na drug pusher ang napatay nang manlaban sa operatiba noong Enero 2021 sa Barangay Ibayo Silangan.

Bukod sa paglaban sa kriminalidad, sa tulong ng lokal na pamahalaan, masigla rin ang paglahok ng pulisya sa makatatong gawain tulad ng feeding program, pagtulong sa panahon ng kalamidad tulad ng bagyo, at pakikipagpulong sa mga opisyal ng barangay.

Pinasasalamatan niya sina Mayor Raffy Dualan at Vice Mayor Jun Dualan sa malaking suporta sa kanyang pamumuno.

"Siyempre, kahit ano pa ang gawin naming initiative, kung walang tulong, walang suporta ang mayor, ang vice mayor at mga opisyal ng local government at ng mga barangay officials, hindi magiging effective ang police," sabi ni Lt. Col. Soriano.

Pinasalamatan niya si Vice Mayor Jun na alkalde ng Naic noong unang maupo siya na hepe ng pulisya ng Naic.

"Kaya natuwa ako nang masiglang tinanggap ako ng Mayor Raffy (Dualan) sa pag-upo niya at ito, sa paniniwala ko, sa endorsement ng ating ngayon ay Vice Mayor Jun (Dualan), " sabi ni Soriano.

Dagdag ni Soriano, noong alkalde si Vice Mayor Jun, todo ang suportang ibinigay sa pulisya.

"Marami sa aming magagandang trabaho, nangyari sa tulong ni Mayor Jun (Dualan). natanggap ng pulisya. Kay Mayor Raffy (Dualan), pag may kailangan kaming suporta, laging nanduon ang tulong niya. Kaya ganun na lamang ang pasasalamat namin sa Dualan brothers. Tunay na aksyon sila sa pagtulong. Da best ang magkapatid na Dualan," sabi ni Soiriano."

Sa ngayon, target niya na malinis sa bawal na gamot ang munisipalidad, at mangyayari ito, sabi ni Soriano dahil buo ang suporta sa kanya ng mga opisyal ng barangay ng Naic.

Siyempre, kasama sa kampanya niya, dagdag ni Soriano ay pagtupad sa a PNP Core Value na "Makakalikasan" -- at ito ay ang pagbibigay proteksyon sa natural na yaman ng munisipalidad.

Wala ring hinto ang kampanya niya, sabi ni Lt. Col. Soriano sa utos na pagdakip sa mga wanted person, at ang utos ng pamunuan ng PNP sa kontra sa ilegal na armas, paputok at pangangalaga sa kaayusan ng munisipalidad sa pamamagitan ng police visibility, mobile at foot patrol.

Ito ang agad tawagan o padalhan ng mensahe: 0956-411-8101 o sa (046) 527-9193.

Sabi ni Soriano: "Naririto kami para sa inyong proteksyon. Kami ay laging handang maglingkod sa inyo."/ **GENE TAPARAN TAN**

LETTER TO THE EDITORS

# Maraming salamat po, Rep. Mitch Cajayon-Uy

SORRY po, and thank you to our editors who glady agreed that I remained anonymous.

Kasi, isinilang ako na "bastardo": I was born to a couple who were not married.

Actually, their relationship could be classified as adultterous and bigamous.

Pero nang ipanganak ako at habang lumalaki ako, nakita ko ang aking ina, ang aking ama ay totoong nagmamahalan, at kapwa nila alam, ang relasyon nila ay "bawal."

Nang lumaki na lang ako, at nagkaisip, nalaman ko ang "magulong" buhay, pero noong una, nagalit ako, tahimik na nagalit bakit ako ay ipinanganak na isang bastardo.

Mabuti na lang, hindi ko naranasan ang pangungutya, ang paghamak sa mga katulad kong "anak sa labas."

Pero paano ang iba na nakaranas ng malulupit na pangungutya ng ibang tao na akala, sila ay malilinis, walang bahid ng karumihan sa pagkatao.

Bakit ang batas natin, pinarurusahan ang mga katulad ko na wala namang kasalanan sa pagkasilang ko -- na bunga ng ibinabawal na pagmamahalan, pero sa Biblia, nababasa ko, maraming anak sa labas na hindi naman itinuring na nasa "labas" ng pagpapala.

May anak sa labas si Abraham sa isang babaeng alipin, bago siya nagkaanak sa asawang si Sarah: pinagpala kapwa ang anak na lalaki ni Abraham.

Nang si Jesus ay nakitang napalilibutan ng mga bata, ay sinabi niya na 'wag sawayin ang mga bata na sinabi Niya, sa mga bata ang kaharian ng langit.

Hindi Niya sinisino kung ang mga bata ay anak kung sinoman: hindi Siya nagtatangi, pero ang batas ng tao, mas mabagsik sa batas ng ating Panginoong HesuKristo.

That is why, I praised Caloocan Rep. Mitch Cajayon-Uy who has filed House Bill 7440 "Reclassifying Legitimate Children Into Marital Children And Illegitimate Children Into Non-Marital Children."

Her bill seeks to amend the Family Code of the Philippines that gave discriminatory tag against children like me.

Salamat po, Rep. Cajayon-Uy for fighting our cause: hindi naman kasalanan na maging anak ng aming mga magulang na hindi kasal, o ng iba pang anak na bunga ng bawal na relasyon.

Noong bata pa ako, kailangan pang paulit-ulit na gumawa ng "pekeng" kasulatan ang mga magulang ko para palabasing ako ay "legitimate" nang magamit ko ang pangalan ng aking ama.

Ang aking ina -- na mahal na mahal ko -- ay ginawa ang lahat upang mapalaki ako nang normal tulad ng ibang bata, at sinikap ng ama ko, na sa aking paglaki ay naunawaan ko na ginawa magagawa niya upang hindi magkaroon ng "stigma" ang pagkatao ko.

Sa panukala ng mambabatas ng Caloocan City, kahit paano, hindi na mailalagay sa birth cerificate ang isang batang anak sa labas.

Kung magiging batas ito, wala na ang salitang mapanghamak na "illegitimate" sa kanyang birth certificate at mauuri na lamang ang mga bata sa "marital children" at "nonmarital children."

Ibig sabihin, kung anak ng dalawang ikinasal -- marital children at kung hindi kasal ang mga magulang --nonmarital children.

Sa panukala ni Rep. Cajayon-Uy, aamendahan ang Article 165 of the Family Code na nagka-classify sa mga batang anak ng hindi kasal o bunga ng "incestuous marriage, bigamous and adulterous relationships."

Sabi ni Cajayon-Uy, hindi kasalanan, walang kasalanan ang mga batang ipinanganak sa mga gayong sitwasyon at relasyon, at bakit parurusahan ang bunga ng mga gayong relasyon at wala naman silang kasalanan.

Hindi hiniling, hindi inisip, lalong hindi pinangarap ng mga batang "anak sa labas" at "anak sa di-legal na sitwasyon" na isilang sila sa ganoong kondisyon.

Very unfair po ang Family Code na itatak sa amin ang gayong tawag.

Salamat at hindi ako kabilang sa mga nakaranas ng panlilibak, ng diskriminasyon na naranasan at patuloy na nararanasan ng ibang "anak sa labas."

Sabi sa panukalang batas ni Rep. Cajayon-Uy: "The term illegitimate is derogatory and discriminatory and should not be used to describe anyone so much more it was not their fault they were born under such circumstances."

Sa inyo po, madam Congresswoman Mitch, salamat po, at ang apila ko sa lahat ng mambabatas sa House at sa Senado -- sana po, maipasa ito.

Tapusin na po ang batik, ang dumi na ibinigay sa amin na hindi namin kasalanan.

(The author who likes to be called "Mr. K.V." is an industrial engineer. Sa editing ng sulat niya, inalis lamang namin ang ilang salitang sa tingin namin ay hindi kailangan. -- BantayBalita Editors)

# Mabuhay ka, Sen. Imee Marcos!

SANA po, muli ang aking pakiusap sa SSS top officials, lalo na kay President Rolando Ledesma Macasaet na tulungan ako na makuha na ang beneficiary ko mula sa aking namatay na anak na si Francisco R. Zamora na walang naiwang heir o tagapagmana.

Ako na kanyang ina ay nag-iisa na rin sa buhay at walang inaasahang pension, at pakonti-konti, nagagawang makapag-hanapbuhay sa pagsusulat at sa ayuda na kaloob ng mga kaibigan, kasamahan at mga politikong di-nakakalimot sa akin noon ako ay aktibo pa sa pagiging journalist.



Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

Nai-submit ko na po, Prez. Macasaet ang mga requirement na hinhingi sa akin sa Deparo SSS branch, kaso hindi ko magawang i-follow up kasi, madalas, walang pamasahe o kaya naman, umaatake ang aking mga sakit sa tuhod at paa.

Wala naman akong makasama sa paglalakad, kaya kung maaari po, ang aking pakiusap, lumakad na at maaprubahan ang aking claim kahit na hindi ako personal na magpunta sa SSS branch.

Sana po ay inyong mapagbigyan ang isang tulad kong senior citizen na ulila na sa pagmamahal ng mga anak, at mabuti na lang may mga nagmamahal pang mga kasamang journalist at mga mapagkalingang politiko.

Sige na po, SSS President Macasaet!



Sen. Imee MARCOS

@@@

Nakupo, mahahalikan ko si Senadora Imee Marcos kasi nais niya na kaming malapit mga sinasabi ni Kuya Banong (aka Eli Taparan II) na 'amoy formalin' ay makatanggap ng cash gift na P100,000 bago pa man umabot sandaang taong kaarawan.

Kasi, bihira na nga po ang umaabot pa sa 100 years old at ano ang silbi ng isang batas kung di naman ito napakikinabangan.

Sana, sa Kamara, sa Senado, apurahin na nyo ang pag-amenda ang panukalang amenda sa Centenarian Act of 2016 na isinampa ni Sen. Imee na chairperson ng enate Committee on Social Justice, Welfare, and Rural Development.

Natuwa naman ako nang makita ko, sumusuporta kay Imee ang paborito kong Sen. Ramon "Bong' Revilla Jr. at Sen, Christopher Go, kasama sina Sen.Risa Hontiveros, Sen. Aquilino Pimentel III, at Sherwin Gatchalian.

Sa panukalang amenda ni Sen. Imee, kaming mga 'amoy formalin' ay pwede nang tumanggap ng P100,000 cash gift pag umedad ng each 80, 90, at 100 years old.

Alam ko, ang ating walong kongresman sa Cavite (kumusta, anak, Cong. Jolo Revilla), at lahat ng mambabatas ay hindi na kokontra pa sa panukalang amenda ni Sen. Imee.

Tama ang sabi ng ating senadora ng Bayan, aanhin pa ang damo, kung patay na ang kabayo.

"We have a saying: What use is cut grass to a dead horse? Our grandparents should be able to enjoy their due benefits while they're still around," sabi ni Sen. Marcos.

Ayon sa government statistics , umaabot na lang sa edad na 79 ang mga lalaki at 83 sa mga babae, at 10 10% sa nine million senior citizens ang masuwerteng nakakapag-80th birthday.

Paano na kami ni Kuya Eli Taparan, aka Kuya Banong, e siya, sa taong ito, magse-77 na, at tatlong taon na lang 80 na.

Mabuti at nasa Canada siya at free ang kanyang gamutan sa sakit niyang prostate cancer, opo, libre siya kahit siya ay Filipino citizen.

Kasi, PR (permanent resident) card holder siya at nae-enjoy niya ang lahat ng privileges ng isang Canadian citizen.

Kay Sen. Imee at kay Sen. Bong Revilla, Sen. Bong Go, Sen. Hontiveros, Sen. Gatchailan, Sen. Pimentel, maraming salamat po sa inyong suporta.

Aasahan namin si Cavitenong Sen. Francis Tolentino ay susuporta rin para kaming 'amoy-formalin' ay ma-enjoy ang buhay namin kahit paano.

Sa SSS po, email nyo ako sa arzmedia777@yahoo.com

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor RUEL FRANCISCO
Art & Production Manager: ART BEJASA

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort



Tanza Oasis Hotel and Resort is Cavite's only true resort destination, offering the perfect mix of exceptional resort accommodations, service, comfort and a classic Filipino hospitality.

Just one hour away from busy life of Metro Manila: Discover a hotel that is modern as well as classically elegant.

Tanza Oasis Hotel offers the largest themed Swimming Pool in the area, that will cater adults and loved by the kids.

Also, the resort stands as the premier meeting center for international clientele and businessman alike with meeting, convention and outdoor function space.

The Hotel offers 5 different room types to suit the visitors and it has Safari Themed Swimming pool which is equipped with 3 exciting giant pool slides for those who want some action and play.

For superb dining experience, the hotel has two restaurants -- Shang Garden Restaurant and Sagobe Bar themed and elegantly designed for everyone's ambiance, with proper lighting to give a feeling of warmth.


Visitors will surely experience superior luxury, subtle elegance and personalized services and much more.

The Oaisis is located at Kilometer 41 A. Soriano Highway, Barangay Capipisa, Tanza, Cavite.


Phone: +63 46 4388 488 to 89; Manila Line: +63-02-85844628.

Email: reservations@tanzaoaisis.com












*CHEEZ: Mayor Raffy Dualan gamely pose with the NCST students after the coastal clean-up drive in Naic.*

# NCST-Dasmarinas students conduct clean-up drive along Naic coasts

AS part of their national service training program, more than 300 students from the National College of Science and Technology- Dasmariñas campus with the help of the Naic municipal environment and natural resources office (MENRO) conducted a clean-up drive along the town's coastal areas.

Mayor Raffy Dualan and Vice Mayor Jun Dualan thanked the NCST students who participated in the activity.

In a Facebook post, the municipality of Naic said that the tidying up activity was a "Gift" of the NCST students in preparation of the expected incoming of visitors to Naic seaside resorts during the Holy Week and the summer season.

"Ang isinagawang Coastal Clean-Up ay tulong sa paghahanda para sa nalalapit na summer vacation/Semana Santa at pagsusulong ng mga batas pangkalikasan ng mga karagatan," the post said.

The local government said the clean up activity had been a success./ **GENE TAPARAN TAN**

# PCG-Extension provides free health services

**GEN. Trias City –** Some 384 adults and children from Brgy. San Francisco in this city had been provided free health services, the Cavite Provincial Governor-Extension Office, the Provincial Information and Community Affairs Department (PICAD) said.

The medical services was conducted Friday, March 17 where doctors and health personnel from Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospiutal (GEAMH) rendered free medical consultations and provisions of maintenance medicines, multivitamins and vitamin C supplement.

The GEAMH medical team was headed by Dr. Mat Roderno, Dr. Ma. Theresa Y. De Rama, and Dr. Rieynna O. Guerra who rendered the free consultations and check-up.

Brgy. Chairman Walter Tey Martines during the outreach event sponsored a feeding program with the assistance of Barangay Kagawad Edna Reyes, SK Kagawad Joemar Martinez, Barangay Health Workers and organizations including Alpha Epsilon, Alpha Kappa Rho and CFCGI.



# SMC Aerocity gives cash, food assistance to Cavite fisherfolk



*Doctors and health personnel from Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital with the help of barangay health workers rendered free medical and dental services to residents of Brgy. San Francisco, Gen. Trias City.*

SAN Miguel Corporation (SMC) has rolled out its P500-M 'Handog Tulong Pinansyal Para sa Mangingisda" financial assistance program for fisherfolk families residing in Rosario, Tanza, Naic, and Ternate in Cavite.

The "Handog Tulong Pinansiyal' is as part of SMC's commitment to managing its social and environmental impacts following strict performance standards set by the International Finance Corporation (IFC) for its New Manila International Airport (NMIA) project.

The initiative, launched by its San Miguel Aerocity Inc. (SMAI), will benefit some 5,000 fisherfolk families, that will each receive a monthly financial assistance of P5,000 until the company's operation in the area is completed by 2024.

Eligible fisherfolk were identified based on both third-party surveys and a selection and validation process by local officials and leaders of local fishermen's groups.

This comes after the company's recent program to provide monthly food supply assistance to over 8,000 families across all four towns, to help them cope with rising food prices.

On top of this, SMAI has also tapped experts to help implement programs that will minimize its impacts on the environment —including site rehabilitation and restoration —and further embed sustainability solutions to its operation in the area.

in addition, SMAI continues to provide livelihood programs for fisherfolk organizations as part of its Social Development Management Program (SDMP).

This include garment production and soap-making, scholarships for children of fisherfolk, and construction-based training in cooperation with the Technical Education Skills and Development Authority (TESDA).

Olivia Bautista, president of local fisherfolk organization KAMMALIG, said that SMAI has been responding to their concerns, and expressed gratitude to the company particularly in addressing decreased fish catch and the provision of safety equipment for affected fishermen.

"Nais po naming magpasalamat sa San Miguel sa mga tulong na aming natanggap at sa mga parating pa na tulong na handa nilang ibigay sa amin. Kahit pa lumiit ang lugar na aming pinapangisdaan at tuloy pa rin kami at nasisiguro nila na kami ay ligtas," said Bautista.

Further, Bautista said SMAI, together with its partner and leading global marine engineering firm, Royal Boskalis Westminster N.V., has also provided fishermen with safety equipment, including radar reflectors, life vests, life buoy rings, foam buoys, led lights, and rechargeable batteries.

They are also regularly updated as to where dredging activities are being undertaken, to further ensure their safety.

In a statement, SMC President and CEO Ramon S. Ang stated that the company is taking all necessary measures to mitigate the effects of the ongoing operations of itsr contractor, Boskalis, in the San Nicolas Shoal.

"We're committed to helping fisherfolk families in the area, and we're very transparent about the project with them. We thank them for their valuable contribution in helping get this priority national project done," said Mr. Ang.

He added that the company is also tapping a third-party organization that will partner with the Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) to study how to improve fishing yields from the shoal. This is to help bring up the volume of catch from the area, even long after Boskalis' activities are completed.

Ang said that the company will continue to work with local government units in Cavite and concerned national government agencies like the DENR, to ensure that the operations will have a positive impact on those affected.

# NPA 'amazon' kulong habambuhay

## ...Karapatan, NUPL, anyari?

HABAMBUHAY na makukulong si Alexandra 'Alexa' Pardilla Pacalda sa kasalanang ilegal na pag-iingat ng baril, pampasabog.

Ayon sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), noong 2019, sumuko sa pulisya at military si Alaxa na umamin na siya ay kasapi ng terroristang New People's Army.

Nais niya, sabi ng NPA amazon na magbagong buhay na, kaya si Alexa ay masayang tinanggap ng gobyerno.

May programang 'balik-loob' ang pamahalaan sa mga rebeldeng kusang sumusuko at nais iwanan ang pakikibakang armado laban sa gobyerno.

Tinanggap si Alexa, noon ay 24-anyos, sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program, pero bigla sa udyok ng mga abogado ng National Union of People's Lawyer (NUPL) at ng grupong Karapatan, binawi lahat ang pahayag at inakusahan ang militar ng ilegal na pagdetine sa kanya.

Nagtapos ng kursong Journalism si Pacalda sa Manuel S. Enverga University Foundation sa Lucena City, Quezon; dating managing editor ng The Luzonian, student publication ng universidad at naging secretary general ng College Editors Guild Southern Tagalog at aktibistang kasapi ng Gabriela Youth.

Dahil dito, kinasuhan si Alexa ng militar at sa paglilitis, napatunayan siya na nagkasala -- at hinatulan nga ng life imprisonment na katumbas ng 40 taong pagkakulong ni Lucena City Regional Trial Court Judge Salvador Villarosa Jr.

Sa depensa ni Pacalda, siya ay hindi rebeldeng NPA kungdi isang human rights defender.

Ayon sa NTF-ELCAC, nalinlang ang ama ni Alexa ng Karapatan at ng NUPL, at ngayon, mabubulok ang dalaga sa kulungan.

Sabi ng NTF-ELCAC: "It is sad that these so-called human rights defenders left Pacalda to rot in prison, but are bent on scouring for youth to deceive and use as cover for their unlawful acts."

Kung itinuloy ni Alexa na pailalim sa pagkupkop ng pamahalaan, marahil, malaya at masayang nabubuhay nang ligtas ang dalaga sa piling ng minamahal na pamilya, sabi ng NTF-ELCAC.

Ang kaso ni Pacalda, ayon sa g NTF-ELCAC ay isang 'wakeup call" o matinding paalaala sa mga kabataan na unahin at mas pahalagahan ang kanilang buhay at mga pamilya.

"They should pursue their dreams within the folds of law," sabi pa nito.

Kungdi naging NPA amazon, marahii, isa ngayong magaling na peryodista, manunulat o kaya brodkaster si Alexa.

Nagpaalala rin ang NTF-ELCAC sa mga mambabatas na suriing mabuti at 'wag palinlang sa House Bill 77 (o the Human Rights Defenders Protection Act) dahil ito ay gagamiting armas ng mga terroristang grupo na tulad ng NPA upang hindi magalaw ng batas, ng pulisya at militar. / **LUKAS DA SILVA**

# Salamat po...

*mula sa pahina 8*

gobyerno ng mabilis, accesible internet connection na dahil sa kawalan nito, hayun, tayo ay nagtitiis sa mahal na, madalas ay pawala-wala at mahinang signal at connectivity ng Smart Telecom at ng Globe Telecom.

Kumilos naman kayo, pwede po ba, matagal nang nagtitiis ang mamamayang Pilipino at bilyong-bilyong piso naman ang kinakamal ng daslawang higanteng telecom.

Kaya walang nais mag-invest sa atin, kasi, supermahl ang koryente, tubig, internet services, masikip na trapiko, mga padulas bago ma-okeyan ang isang proyekto at iba pang pampapabigat sa bulsa at nakaiinis na trabaho ng mga 'hindoropot' sa lokal at pambansang gobyerno!

Salamat po sa Malakanyang at naideklarang pista opisyal ang Marso 22 kaya masayang naipagdiwang sa atin ang ika-154 kaararan ng ating Unang Presidente at bayaning Gen. Emilio Famy Aguiinaldo.

Masaya ang aktibidad na ginawa sa Kawit, siyempre pa, dahil ang ating makisig na alkalde ay apo na sa tuhod o talampakan ng ating magaling na Heneral Aguinaldo.

Happy birthday po sa inyong lolo, Mayor Angelo Emilio Aguinaldo!

Our condolences po sa pamilya ng yumaong dating Ternate Mayor Rosario Velasco; may you rest in eternal peace, amen.


Para sa inyong komento: domzcoaile@yahoo.com

# $3.07 bilyong padala ng OFWs

IBINALITA ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na tumaas ng 3.5% o 3.07 bilyon ang pumasok sa bansa mula Enero 2023 dahil sa masiglang pagpapadala ng pera ng maraming overseas Filipino workers (OFWs) sa mga kaanak sa bansa.

Sabi ng BSP, maraming OFWs na nakabase sa US, Saudi Arabia, Japan, at Singaporeang nagpadala ng cash remittances noong Enero 2023.

Pinakamarami sa nagpadala ay mula sa U, sunundan ng Singapore, Japan at Saudi Arabia.



# Doble karang PDEA informants



Sen. Ronaldo 'Bato' dela Rosa



PDEA Dir. Gen. Moro Virgilio Lazo

KUMIKITA na sa sindikato ng illegal drugs, nakikinabang pa sa gobyerno ang informants ng malalaking halaga.

Natuklasan ito sa pagsisiwalat ni Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Director General Moro Virgilio Lazo sa pagdinig sa Senado -- na ikinagulat at ikinabuwiset ng mga mambabatas.

Sa rebelasyon ni Lazo, nabatid na kalakaran na ang paghingi ng informant 30% na parte sa nakumpiskang droga.

Dahil dito, sinabihan ni Sen. Ronald 'Bato' dela Rosa si Lazo na imbestigahan at ipatigil ito dahil bumabalik lang sa kalye ang nakumpiskang droga.

Kungdi ipatitigilang kalakarang ito, binalaan ni Dela Rosa, chairman ng Senate committee on public order and dangerous drugs, mapaghihinalaan ng publiko na walang kakayahang pamunuan ang PDEA.

"It will cast doubt on you 'pag walang mangyari," sabi ni Dela Rosa, dating PNP chief at pangunahing tapagpatupad ng war on drugs ni dating Presidente Rodrigo Duterte.

Aniya, lumalabas na doble kara ang informant na kumikita sa sindikato at kumikita rin sa gobyerno upang mahuli at makumpiska ang droga ng sindikato.

# Mag-ingat, TB mabilis na kumakalat

BAGAMAN madali nang magamot ang sakit na tuberculosis (TB), nitong nakaraang taon, sinabi ng the Department of Health (DOH) na 407, 000 Filipino ang tinamaan ng sakit na ito.

Ayon kay. Ronald Allan Fabella, TB advisor ng DOH laban sa nakahahawang sakit, dumami ang nagkasakit ng TB sanhi ng pandemyang Covid-19.

Maaari, pasubali ni Dr. Fabella, na hindi ganap na tumpak ang naitalang dami ng nagka-TB, pero ayon sa pag-aaral ng World Health Organization (WHO), umabot sa 700,000 Filipino ang maysakit na TB noong 2022.

Nakahahawa at nakamamatay ang TB, sabi ni Dr. Fabella kaya mahalaga na maagang makontrol at mapigil ang pagkalat nito.

"Importante mapigill ang transmission. Para matigil ang transmission, kailangan ma-detect sila at magamot sila," sabi ng doktor.

Inaatake ng bakteryang Mcobacterium tuberculosis ang baga at naikakalat sa hangin kaya



mabilis na makahawa sa tao.

Karaniwang sintomas nito ay pag-ubo na may kasamang plema at dugo kung magkaminsan, pananakit ng dibdib, panghihina, pagbaba ng timbang, lagnat at pagpapawis sa gabi.

Anti-microbial drugs ang iginagamot sa pasyente sa loob ng apat (4) hanggang anim (6) na buwan.

Tuwing Marso 24 ginugunita ang World TB Day.




*During the campaign launch are (seated from left) Transportation Undersecretary Mark Steven Pastor, Transportation Secretary Jaime Bautista, SM Supermalls President Steven Tan and Senior Vice President Bien Mateo with active transport advocates. CONTRIBUTED PHOTO*

# SM Cares, DoTR launch 'Share the Road' campaign

IN a bid to promote safer and more accessible roads in the country, SM Cares and the Department of Transportation (DoTr) recently launched their joint "Share the Road" campaign that aims to educate road transport stakeholders on the importance of sharing the road.

The launch was held last March 6, Monday at the SM Mall of Asia Music Hall in Pasay City which was attended by DoTR Secretary Jaime Bautista, DoTR Undersecretary for Road Transport and Infrastructure Mark Steven Pastor, SM Prime Holdings Inc. Executive Committee Chairman Hans Sy, SM Supermalls President Steven Tan, and SM Supermalls Senior Vice President for Operations Bien Mateo.

Representatives from various active transport groups were also present, including transport advocacy group Move as One Coalition's co-convener Dr. Robbie Siy.

The "Share the Road" campaign is an information, education, and communication campaign that seeks to promote a culture of sharing the road among Filipinos, regardless of their preferred mode of transport, through a change in mindset.

It is centered on a video that communicates road-sharing guidelines and road safety tips in a way that's fun and easy to understand, narrated by no other than Kim Atienza.

Through the joint initiative, SM Cares supports the United Nation's Sustainable Development Goals, particularly "SDG 3: Good Health and Well-being" and "SDG 11: Sustainable Cities and Communities."

To learn more about SM Cares and the "Share the Road" campaign, visit .

# Anti-Rabies vaccines kina Muning at Bantay

GINANAP nitong Miyerkoles, Marso 21, sa Bacoor City ang maramihang pagtuturok ng bakunang kontra rabies sa mga alagang aso't pusa sa Barangay Mambog 3 sa pamumuno ng City Veterinary Team (CVT).

Ang vaccination ay pinamunuan ni Doc. Ella Mae Gandia at ang team niya ay tinulungan ni Barangay Captain Ernesto Advincula, kasama si Konsehal Alde Pagulayan.

Ang aktibidad ay isa sa programa ni Mayor Strike Revilla para sa kaligtasan ng mga alagang hayop at makaiwas sa sakit na rabies ang mga residente sa lugar.

Umabot sa 289 alagang hayop ang nabakunahan sa Brgy. Mambog 3.

Muling mag-iikot ang CVT sa mga barangay para magbakuna ng mga alagang Muning at Bantay/ **PIA, BBalita**




## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **JULIO CENIZAL AND ROSARIO YUSON,** who both died intestate in Tanza, Cavite on April 13, 1988 and June 19,1962, left a parcel of land located in Brgy. Biga Munti Tanza, Cavite with an area of 48,388 covered by Transfer Certificate of Title No. ("TCT") No. 19832 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Earl Alfrted B. Reyes, under Doc. No. 470, Page No. 95, Book No. XVI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

## DEED OF EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF ANTONIO PULIDO

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ANTONIO PULIDO,** who died on instetate on March 27 2016 at Las pinas City, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title no. (T-3630) RT-9559 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Augustine Caesar Bañares, under Doc. No. 229, Page No. 47, Book No. 17, Series of 2018.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON LUCITA F. PEJI

NOTICE is hereby given that the estate of the late **LUCITA F. PEJI,** who passed away on November 16, 2011 at alfonso, cavite, left certain parcel of land situated in the Brgy. of sinaliw malaki, Alfonso, Cvite containing an ar ea 9,943 square more or less embrace with tax Declaraiton No. AA-01-0026-01135, Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 245, Page No. 50, Book No. i, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 13, 20 & 27, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE DECEASED PERSON MARIA BOCOD/MARIA BUKOD/MARIA BUCOD

NOTICE is hereby given that the estate of the late **MARIA BOCOD/MARIA BUKOD/MARIA BUCOD,** who died on April 22 1998 at Barangay Kaysuoy, Alfonso, Cavite , left a parcel of land embraced by Katibayanng Orihinal na Titulo Blg. Op-3966 with an area of 6278 square meters Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava, under Doc. No. 271, Page No. 55, Book No. V Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 20, 27 & APRIL 3, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSONS WITH WAIVER OR RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late **TRIAS DIMAPILIS RORALDO ,** who died on March 28 2004 in tagaytay City and **LYDIA FERMA VDA DE RORALDO**, who died intestate on Mrch 11, 2022 in tagaytay city, left a share parcel of land located at guinhawa North, Tagaytay Ciyt consisting of 35,571.00 covered by Tax Declaration no. 2011-000007-00460 of the city Assesor of Tagaytay Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gary Camitan Aure, under Doc. No. 110, Page No. 22, Book No. XCIV, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 13, 20 & 27, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **LEONARDA NOVELO ANGELES AND MELCHOR ANGELES ANGELES,** who died on February 8, 1990 and April 27, 2002, left parcels of land covered by Transfer Certfiicate of Title No. T-498796; Tax Declaratioon No. AA-13-0022-00484; and Tax Declaration No. AA-13-0022-00485 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 491, Page No. 100, Book No. 12, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 13, 20 & 27, 2023**

# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 25 | 10.00 | MARCH 20 - 26, 2023




*NAKANGITING tinitingnan nina Mayor AA Advincula at Rep AJ Advincula si Nanay Felicidad habang pinipirmahan ang kasulatan ng pagtanggap ng P100K cash gift, sa tulong ng isang di-nakilalang babae. / mula sa FB page ni Mayor AA*

# Salamat po sa NGCP!

ISANG centenarian, si Nanay Felicidad Reyes, ng Barangay Pinagbuklod, Bahayang Pag-asa, ang pinasaya kamakailan ng ating Imus City Mayor Alex 'AA' Advincula at 3rd District (Imus City) Rep. Adrian Jay 'AJ' Advincula.

Sa pagdalaw ng mag-ama, hindi lang P100K cash ang natanggap ni Nanay, may kasama pang groceries, maintenance medicines at mga bitamina para lalo pa siyang lumakas.

Naipagkaloob ang biyaya sa ating mapalad na centenarian sa tulong ng OSCA at ng Imus Senior Citizen Association Incorporated, at hindi lang ito ang naging aktibidad sa ating lungsod.

Kamakailan din, 367 Imuseno ang tumanggap ng pondo mula sa DSWD sa tulong ni Cong. AJ, at alam nyo ba, 67 na Imuseno ang benepisyaryo mula sa Saradpon at Dumlao Brgy. Pag-asa,III, ang nakatanggap ng lote sa Pinagkaisa Village, Brgy. Toclong, Kawit?

Nangyari ito sa tulong ng mag-amang Advincula at kay Gov. JonVic Remulla para ang mapalad na Imuseno ay mabigyan ng lupang pagtatayuan ng kanilang bahay.

Sana kami rin, hehehe. @@@



REVANZE

by Domz B. CAOILE

NOON pa sana ito ginawa, pero OK na rin at naihabol din: ito ang moemorandum of agreement ng National Intelligence Coordinating Agency (NICA) at ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) na ano ang layunin?

Ito ay ang maseguro ang sekuridad ng lahat ng ari-arian ng NGCP at magamit naman ng NICA ang impraestruktura ng pribadong kompanyang ito sa pangangalap ng mahahalagang intelligence information.

Alam nyo ba ng kung walang NGCP, hindi magagawa ng mga kompanya ng koryente tulad ng Meralco at ng mga electric coop sa bansa na mapadaluyan ng elektrisidad ang ating mga bahay, lalo na ang mga industriya at ang lahat ng departamento, ahensiya ng gobyerno at maging ng ating depensa militar?

Teka, bakit hindi na rin kontratahin ng gobyerno ang NGCP na magamit ang husay ng mga inhinyero, teknisyan, obrero at iba pang kawani sa pagpapalakas ng internet services sa buong bansa.

Ano'ng ginagawa ng ating Department of Information and Communications Techonology (DICT) para makapagtayo na tayo ng national broadband?

Sayang ang mga talino at expertise nyo kung hindi makagagawa ang

*Sundan sa p.6*

# P25.5.5 bilyon na kasong tax evasion ikinasa sa 4 na 'ghost' firms



**BIR Commissioner Romeo Lumagui Jr.**

NAGSAMPA ng kasong tax evasion ang Bureau of Internal Revenue (BIR) sa apat na 'ghost' corporation na nahuling nagbebenta ng mga pekeng resibo sa mga kompanya at tao sa loob ng nakalipas na tatlong taon.

Ilan pang taxpayer ang hinahabol ng BIR, sabi ni Commissioner Romeo Lumagui Jr. sa paggamit ng pekeng resibo para makaiwas sa pagbabayad ng buwis sa gobyerno.

Ginagamit ang mga pekeng resibo para gamitin pambawas sa gastos at value-added tax (VAT)

Ayon kay Lumagu kinasuhan ng paglabag sa Section 254 (Attempt to ERvade or Defeat Tax), 255 (Failure to File Return, Supply Correct and Accurate Information, Pat Tax Withhold and Remit Tax and Refund Excess Taxes Withheld on Compensation, at 265 (Declaration Under Penalties of Injury) of the National Internal Revenue Cose of 1997 (Tax Code) ang apat na 'ghost' firms.

Ang mga ito ay: Buildforce Trading Inc., Crazykitchen Foodtrade Corp., Decarich Supertrade Inc., at Redington Corporation, kasama ang kanilang mga opisyal.

Umaabot sa P25.5.5 bilyong buwis ang nawala sa gobyerno, sabi ni Lumagui, bunga ng paggamit ng mga pekeng resibo sa pag-iwas na magbayad ng buwis at ng VAT.

# 5 Dasmarinas villages... from P1

The Oversight Committee, which is chaired by PDEA, is composed of representatives of DILG, PNP, DOH and local government units (LGUs).

This paper learned that under the city's anti-illegal drugs program, the drug-free villages will be monitored to make sure they would sustain the gains of their fight against illegal drugs.

Mayor Barzaga promised that she will not stop the fight against illegal drugs to ensure a safe city for every Dasmarinenos.

"Talaga namang hindi tayo titigil sa ating hangarin na wakasan ang iligal at mapaminsalang froga sa ating Siyudad upang mabigyan ng mas ligtas na bayan ang bawat Dasmarinenos," Mayor Barzaga concluded./ **ELI TAPARAN II, DOMZ B. CAOILE**



**Lt. Col. Juan Oruga, Dasma City police chief**
















*LIGTAS na sa ilegal na droga: Five villages (barangays) in Dasmarinas City were declared free from the influence of illegal drugs in a recognition ceremony at the City Hall grounds on Monday (March20).*

*Mayor Jenny A. Barzaga, together with some city government officials, local police personnel, Philippine Drug Enforcement Agency 4-A, Department of the Interior and Local Government, Department of Health presented to the barangay officials their certificates of recognition declaring their villages as drug-free. / photos from Mayor Barzaga Facebook page*